
‘Ohana Health Plan

Abiso sa Mga Kasanayan sa Privacy

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO PUWEDENG GAMITIN AT IBUNYAG (IBAHAGI) ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO MO MAA-ACCESS ANG IMPORMASYONG ITO.

PAKIBASA ITO NANG MABUTI.

May bisa simula 1/1/2026

QUEST (Medicaid) Plan:

For help to translate or understand this, please call us toll-free at **1-888-846-4262** (TTY: **711**). We are here Monday through Friday from 7:45 a.m. to 4:30 p.m. Hawaii Standard Time.

如需翻譯或理解此內容方面的協助，請撥打我們的免費電話：**1-888-846-4262** (TTY: **711**)。我們的服務時間為週一至週五上午 7:45 至下午 4:30 (Hawaii 標準時間)。

Para iti tulong iti pannakaipatarus wenna tapno maawatam daytoy, pangngaasim ta tumawagka kadakami iti libre a numero a **1-888-846-4262** (TTY: **711**). Addakami ditoy iti Lunes aggingga iti Biernes, 7:45 a.m. agingga iti 4:30 p.m. Hawai'i Standard Time.

본 고지문을 번역하거나 이해하는 데 도움이 필요하시면 수신자 부담 **1-888-846-4262** (TTY: **711**)번으로 연락해 주십시오. 월요일~금요일, 오전 7시 45분~오후 4시 30분(하와이 표준시) 사이에 이용하실 수 있습니다.

Para sa tulong na isalin-wika o maunawaan ito, pakitawagan kami nang walang bayad sa **1-888-846-4262** (TTY: **711**). Nandito kami mula Lunes hanggang Biernes, 7:45 a.m. hanggang 4:30 p.m. Hawaii Standard Time.

Để yêu cầu trợ giúp dịch thuật hoặc để hiểu tài liệu này, vui lòng gọi cho chúng tôi theo số điện thoại miễn cước **1-888-846-4262** (TTY: **711**). Chúng tôi làm việc từ Thứ Hai đến Thứ Sáu, từ 7:45 sáng đến 4:30 chiều, Giờ Chuẩn Hawaii.

Community Care Services (CCS) Plan:

For help to translate or understand this, please call us toll-free at **1-866-401-7540** (TTY: **711**). We are here 24 hours a day, 7 days a week.

如需翻譯或理解此內容方面的協助，請撥打我們的免費電話：**1-866-401-7540** (TTY: **711**)。我們的服務時間為每週 7 天、每天 24 小時。

Para iti tulong iti pannakaipatarus wenna tapno maawatam daytoy, pangngaasim ta tumawagka kadakami iti libre a numero a **1-866-401-7540** (TTY: **711**). Addakami ditoy iti 24 nga oras iti maysa nga aldaw, 7 nga aldaw iti maysa a lawas.

본 고지문을 번역하거나 이해하는 데 도움이 필요하시면 수신자 부담 **1-866-401-7540** (TTY: **711**)번으로 연락해 주십시오. 연중무휴 24시간 이용하실 수 있습니다.

Para sa tulong na isalin-wika o maunawaan ito, pakitawagan kami nang walang bayad sa **1-866-401-7540** (TTY: **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Để yêu cầu trợ giúp dịch thuật hoặc để hiểu tài liệu này, vui lòng gọi cho chúng tôi theo số điện thoại miễn cước **1-866-401-7540** (TTY: **711**). Chúng tôi làm việc 24 giờ một ngày, 7 ngày một tuần.

Mga Tungkulin ng Sinasaklaw na Entity (Planong Pangkalusugan):

Ang 'Ohana Health Plan ay isang Sinasaklaw na Entity (planong pangkalusugan) ayon sa pagkakasaad at kontrol ng Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996 (HIPAA). Hinihingi ng batas sa 'Ohana Health Plan ang mga sumusunod:

- Panatiliing pribado ang inyong protektadong impormasyong pangkalusugan (PHI).
- Ibigay sa inyo ang Abisong ito ng aming mga legal na tungkulin at kasanayan sa privacy na nauugnay sa inyong PHI.
- Tuparin ang mga tuntunin ng Abiso na kasalukuyang may bisa.
- Ipaalam sa inyo ang tungkol sa anumang *paglabag* sa inyong mga pangkalusugang record. (Ibig sabihin, kung hindi ligtas ang inyong PHI at may ibang nakakuha nito.)

Ipinapaalam ng Abisong ito kung paano namin puwedeng gamitin at ibahagi ang inyong PHI. Nakasaad din dito ang inyong mga karapatan para tingnan ito, baguhin ito, at pamahalaan ang inyong PHI, pati na rin kung paano gagamitin ang mga karapatang iyon. Ang lahat ng iba pang paggamit at pagbabahagi ng inyong PHI na *hindi* matatalakay sa Abisong ito ay magagawa lang nang may nakasulat ninyong pahintulot.

Nakalaan sa 'Ohana Health Plan ang karapatang:

- Baguhin ang Abisong ito.
- Gawing aktibo ang mga pagbabagong ito sa Abiso para sa PHI na nasa amin na, at para sa anumang PHI ninyo sa hinaharap.
- Agad na baguhin at ibahagi ang Abisong ito kung may pagbabago sa alinman sa mga sumusunod sa ibaba:
 - Mga paggamit o *pagbubunyag* (pagbabahagi) ng inyong PHI.
 - Inyong mga karapatan.
 - Aming mga legal na tungkulin.
 - Iba pang kasanayan sa privacy na nakasaad sa Abiso.

Ipapakita namin ang anumang pagbabago sa Abiso sa aming website o sa pamamagitan ng hiwalay na mailing.

Mga Internal na Proteksyon sa Pasalita, Nakasulat, Electronic (Email, Portal, Iba Pa) na PHI:

Pinoprotektahan ng 'Ohana Health Plan ang inyong PHI. Pinapanatili rin naming pribado at secure ang inyong lahi, etnisidad, at wika (REL), pati na ang seksuwal na oryentasyon at kinikilalang kasarian (SOGI).

Ito ang ilan sa mga paraan ng pagprotekta namin sa inyong PHI:

- Sinasanay namin ang aming staff na panatiliing pribado at secure ang inyong PHI.
- Inaatasan namin ang aming mga associate sa negosyo na sumunod sa mga proseso sa privacy at seguridad.
- Pinapanatili naming secure ang aming mga opisina.
- Pinag-uusapan namin ang tungkol sa inyong PHI para *lang* sa negosyo sa mga taong kailangang makaalam.
- Pinapanatili naming secure ang inyong PHI kapag ipinapadala (gaya ng sa pamamagitan ng email) o sino-store namin ito sa electronic na paraan.
- Gumagamit kami ng teknolohiya para hindi ma-access ng mga maling tao ang inyong PHI.

Mga Pinapahintulutang (Pinapayagang) Paggamit at Pagbubunyag (Pagbabahagi) ng Inyong PHI:

Ang sumusunod ay isang listahan kung paano namin puwedeng gamitin o ibahagi ang inyong PHI nang *wala* ang pahintulot o pagpayag ninyo:

- **Paggamot** — Puwede naming gamitin o ibahagi ang inyong PHI:
 - Sa isang doktor o iba pang tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na gumagamot sa inyo.
 - Para tulungang ayusin ang pagpapagamot ninyo sa mga tagapagbigay ng serbisyo.
 - Para tulungan kaming magsagawa ng mga paunang desisyon sa benepisyo para sa iba pang miyembro ng aming planong pangkalusugan.
- **Pagbabayad** — Puwede naming gamitin at ibahagi ang inyong PHI:
 - Para magsagawa ng mga pagbabayad sa benepisyo para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na natatanggap ninyo mula sa amin.
 - Sa ibang planong pangkalusugan, sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, o iba pang grupo alinsunod sa mga pederal na Panuntunan sa Privacy para sa mga layunin ng pagbabayad sa kanila.

Posibleng kasama sa “Pagbabayad” ang:

- Pagpoproseso ng mga claim.
 - Pagpapasya kung masasaklaw ba kayo sa mga claim.
 - Pagsusuri sa mga medikal na serbisyong kailangan o posibleng kailangan sa inyong pangangalaga.
- **Mga Pagpapatakbo ng Pangangalagang Pangkalusugan** — Puwede naming gamitin at ibahagi ang inyong PHI para maibigay ang aming mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Posibleng kasama rito ang:

- Pagbibigay ng serbisyo sa kostumer.
- Pagtugon sa mga reklamo at apela.
- Pamamahala sa koordinasyon at pangangalaga sa kalusugan.

Sa aming mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan, puwede kaming magbahagi ng PHI sa mga taong katrabaho namin at katransaksyon namin sa negosyo. Magkakaroon kami ng mga nakasulat na kasunduan para protektahan ang privacy ng inyong PHI sa mga associate na ito. Puwede naming ibahagi ang inyong PHI sa ibang grupong napapailalim sa mga pederal na Panuntunan sa Privacy. Dapat ay mayroon ding ugnayan sa inyo ang grupong ito para sa mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan nito. Kabilang dito ang sumusunod:

- Pagsusuri at pagpapataas ng kalidad.
- Pagsusuri sa mga kakayahan o kuwalipikasyon ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.
- Pamamahala sa koordinasyon at pangangalaga sa kalusugan.
- Pagtukoy o pagpigil sa panloloko at pang-aabuso sa pangangalagang pangkalusugan.

Protektado ng mga sistema ng planong pangkalusugan at ng mga batas ang inyong lahi, etnisidad, wika, seksuwal na oryentasyon at kinikilalang kasarian. *Ibig sabihin, pribado at secure ang impormasyong ibibigay ninyo.* Sa mga tagapagbigay lang ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan namin ibabahagi ang impormasyong ito. *Hindi* ito ibabahagi sa iba nang wala ang inyong pahintulot o pagpayag. Ginagamit namin ang impormasyong ito para makatulong sa pagpapataas ng kalidad ng inyong pangangalaga at mga serbisyo.

Nakakatulong sa amin ang impormasyong ito na:

- Mas malaman ang inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan.
- Malaman ang gusto ninyong wika kapag nagpatingin kayo sa isang doktor.
- Tiyaking nasa inyo ang tamang impormasyon para sa inyong pangangalaga.
- Mag-alok ng mga programang makakatulong sa inyo na manatiling malusog.

Hindi gagamitin ang impormasyong ito para sa mga layunin ng underwriting o para magdesisyon kung makakakuha ba kayo ng pagsaklaw o mga serbisyo.

- **Mga Pagbubunyag sa Panggrupong Planong Pangkalusugan/Sponsor ng Plano** — Puwede naming ibahagi ang inyong PHI sa isang sponsor ng panggrupong planong pangkalusugan, gaya ng isang employer o iba pang grupo na nagbibigay sa inyo ng programa sa pangangalagang pangkalusugan. Iyon ay kung pumayag ang sponsor sa mga partikular na limitasyon sa kung paano nito gagamitin o ibabahagi ang PHI (gaya ng pagpayag na hindi gamitin ang inyong PHI para sa mga aksyon o desisyong may kaugnayan sa trabaho).

Iba Pang Pinapahintulutan (Pinapayagan) o Kinakailangang Pagbubunyag (Pagbabahagi) ng Inyong PHI:

- **Mga Fundraising na Aktibidad** — Puwede naming gamitin o ibahagi ang inyong PHI para sa mga fundraising na aktibidad (gaya ng pangangalap ng pera para sa isang charity o iba pang grupo). Kung makikipag-ugnayan kami sa inyo tungkol sa fundraising, bibigyan namin kayo ng pagkakataong “mag-opt out” (huminto) sa pagtanggap ng mga komunikasyon sa hinaharap mula sa amin tungkol dito.
- **Mga Layunin ng Underwriting** — Puwede naming gamitin o ibahagi ang inyong PHI para sa mga layunin ng underwriting. Nauugnay ito sa pagpapasya tungkol sa uri ng saklaw o kahilingan. Kung gagamitin o ibabahagi namin ang inyong PHI para sa mga layunin ng underwriting, hindi namin puwedeng gamitin o ibahagi ang inyong PHI na *genetic* na impormasyon (anumang may kaugnayan sa genes o genetic testing) sa proseso ng underwriting.
- **Mga Paalala ng Pagbisita/Mga Opsyon sa Paggamot** — Puwede naming gamitin o ibahagi ang inyong PHI para paalalahanan kayo tungkol sa pagbisita sa doktor, paggamot, o iba pang medikal na pangangalaga sa amin. Puwede naming ipaalam sa inyo ang iba pang iniaalok na paggamot (gaya ng tulong sa paghinto sa paninigarilyo o pagbabawas ng timbang).
- **Kung Kinakailangan ng Batas** — Kung hihingiin ng pederal, pang-estado, at/o lokal na batas ang paggamit o pagbabahagi ng inyong PHI, puwede namin itong gawin.
 - Gagamitin lang namin ito hangga't nakakasunod sa naturang batas ang paggamit o pagbabahagi, at limitado ito sa pangangailangan ng naturang batas.
 - Kung magkasalungat ang dalawa o higit pang batas o regulasyong sumasaklaw sa parehong paggamit o pagbabahagi ng inyong PHI, pipiliin namin ang mas mahigpit (mas naglilimita) na batas o regulasyon.
- **Mga Aktibidad sa Pamublikong Kalusugan** — Puwede naming ibahagi ang inyong PHI (kabilang ang mga record ng problema sa paggamit ng substance (SUD)) sa:

- Isang awtoridad ng pampublikong kalusugan. Ito ay para maiwasan o makontrol ang sakit, injury, o kapansanan.
- Ang Food and Drug Administration (FDA). Ito ay para matiyak ang kalidad at kaligtasan ng produkto. Tinitiyak din nito na epektibo ang mga produkto o serbisyong ito na napapailalim sa FDA.
- **Mga Biktima ng Pang-aabuso at Kapabayaan** — Puwede naming ibahagi ang inyong PHI sa lokal, pang-estado, o pederal na awtoridad ng pamahalaan. Kung naniniwala kaming nagkaroon ng pang-aabuso, kapabayaan, o karahasan sa tahanan, ibibigay namin ang mga ulat na ito sa mga panlipunang serbisyo o sa isang ahensyang nagbibigay ng mga pamprotektang serbisyo, ayon sa pinapahintulutan ng batas.
- **Mga Hudisyal at Pang-administratibong Pagdinig** — Puwede naming ibahagi ang inyong PHI:
 - Bilang tugon sa isang pang-administratibong utos o utos ng korte.
 - Bilang tugon sa isang *subpoena* (summons), discovery request, o iba pang katulad na kahilingan.
- **Pagpapatupad ng Batas** — Puwede naming ibahagi ang inyong PHI sa pulisya, kung nagkaroon ng krimen, kung hihingiin at kakailanganin ng batas.
- **Mga Record ng Problema sa Paggamit ng Substance (SUD)** — Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang inyong mga SUD record sa mga legal na pagdinig laban sa inyo maliban na lang kung:
 - Nakuha namin ang nakasulat ninyong pahintulot; o
 - Nakakuha kami ng utos ng korte, ipinaalam sa inyo ang naturang kahilingan, at binigyan kayo ng tsansang mapakinggan. (Kasama *dapat* sa utos ng korte ang isang *subpoena* (summons) o katulad na legal na dokumentong nangangailangan ng tugon.)
- **Mga Coroner, Medical Examiner, at Funeral Director** — Puwede naming ibahagi ang inyong PHI sa:
 - Isang *coroner* o *medical examiner* (mga awtoridad na nangangasiwa sa mga namatay na tao). Puwedeng kasama rito ang sitwasyon kung saan kailangan ang inyong PHI para makahanap ng sanhi ng pagkamatay.
 - Isang funeral director, kung kailangan, para magawa niya ang kanyang mga tungkulin.
- **Donasyon ng Organ, Mata, at Tissue** — Puwede naming ibahagi ang inyong PHI sa mga Sertipikadong organ group at mga tao sa loob ng mga grupong iyon, na nagtatrabaho para humanap ng mga organ, mata, at tissue para sa *banking* (pagtatabi). Ang layunin nila ay para sa siyentipikong pananaliksik o transplant.
- **Mga Banta sa Kalusugan at Kaligtasan** — Puwede naming gamitin o ibahagi ang inyong PHI kung naniniwala kami, nang may mabuting kalooban, na ang paggamit o pagbabahaging ito ng PHI ay kailangan para maiwasan o maibsan ang isang malubhang isyung pangkalusugan at/o para protektahan ang isang tao o ang publiko laban sa isang banta sa kaligtasan.
- **Mga Espesyalisadong Tungkulin ng Gobyerno** — Kung kayo ay miyembro ng U.S. Armed Forces, puwede naming ibahagi ang inyong PHI kapag iniatas ng namamahalang military command. Puwede rin naming ibahagi ang inyong PHI sa mga awtorisadong pederal na opisyal para sa:
 - Mga alalahanin sa pambansang seguridad.
 - Mga aktibidad sa intelligence.
 - Departamento ng Estado para sa medikal na kaangkupan.
 - Proteksyon ng Pangulo.
 - Iba pang awtorisadong tao, ayon sa kinakailangan ng batas.

- **Kompensasyon sa Mga Manggagawa** — Puwede naming ibahagi ang inyong PHI para sumunod sa mga batas na nauugnay sa kompensasyon ng mga manggagawa o iba pang katulad na programa. Ang mga ito ay itinatakda ng batas at nagbibigay ng mga benepisyo para sa mga injury at karamdamang nauugnay sa trabaho, sinuman ang may sala.
- **Mga Emergency na Sitwasyon** — Puwede naming ibahagi ang inyong PHI sa isang emergency. Kung hindi ninyo kayang kumilos, o kung wala kayo, puwedeng ibahagi ang inyong PHI sa:
 - Isang kapamilya o malapit na kaibigan.
 - Isang awtorisadong ahensya para sa disaster relief.
 - Sinupamang itinalaga mo dati.

Gagamit kami ng propesyonal na pagpapasya at karanasan para tukuyin kung pinakamakakabuti sa inyo ang pagbabahaging ito ng inyong PHI. Kung *pinakamakabubuti* ito para sa inyo, ibabahagi *lang* namin ang PHI na mahalaga sa tungkulin ng taong iyon sa inyong pangangalaga.
- **Mga Inmate** — Kung isa kayong inmate sa isang kulungan o presinto, o kung napapailalim kayo ng kustodiya (hawak kayo) ng tagapagpatupad ng batas, puwede naming ibigay ang inyong PHI sa lokasyon o opisyal ng tagapagpatupad ng batas. Ito ay kapag ang naturang impormasyon ay kailangan para mabigyan kayo ng:
 - Pangangalagang pangkalusugan.
 - Proteksyon sa kalusugan o kaligtasan ninyo (o ng iba).
 - Kaligtasan at seguridad ng kulungan, presinto, o iba pang lokasyon ng tagapagpatupad ng batas.
- **Pananaliksik** — Sa ilalim ng mga partikular na pagkakataon, puwede naming ibahagi ang inyong PHI sa mga mananaliksik kapag naaprubahan ang kanilang klinikal na pananaliksik na pag-aaral at kapag protektado ang inyong pribadong PHI ng mga partikular na nakalatag na proteksyon.

Mga Paggamit at Pagbubunyag (Pagbabahagi) ng Inyong PHI na Nangangailangan ng Inyong Nakasulat na Awtorisasyon (Pahintulot):

Kailangan naming kunin ang inyong nakasulat na pahintulot para gamitin o ibahagi ang inyong PHI. Tandaan na may mga *limitadong eksepsiyon*, para sa mga dahilan sa ibaba:

- **Pagbebenta ng PHI** — Hihingiin namin ang inyong nakasulat na pahintulot bago kami magbahagi ng anumang impormasyong maituturing na *pagbebenta* ng inyong PHI. Ang ibig sabihin ng “pagbebenta” ay nakakatanggap kami ng *kompensasyon* (pera o iba pang bayad) para sa pagbabahagi ng inyong PHI sa ganitong paraan.
- **Marketing** — Hihingiin namin ang inyong nakasulat na pahintulot para gamitin o ibahagi ang inyong PHI para sa *mga layunin sa marketing* (para i-promote at ibenta ang aming mga produkto). Kasama sa mga limitadong eksepsiyon sa aksyong ito ang mga sumusunod:
 - Kapag harapan naming ipinaalam sa inyo ang tungkol sa mga plano sa marketing.
 - Kapag nagbigay kami sa inyo ng mga pampromosyong regalo na may *maliit* (basic) na halaga.
- **Mga Tala sa Psychotherapy** — Hihingiin namin ang inyong nakasulat na pahintulot para gamitin o ibahagi ang anumang tala mula sa inyong mga psychotherapy session na posibleng mayroon kami. Kasama sa mga limitadong eksepsiyon sa aksyong ito ang mga sumusunod: para sa mga partikular na layunin sa paggamot, pagbabayad, o mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan.

May karapatan kayong *bawiin* (iurong) ang inyong pahintulot sa pamamagitan ng pagsulat anumang oras, *maliban* kung nagamit o naibahagi na namin ang inyong PHI batay sa naunang pahintulot na iyon.

Ang Inyong Mga Indibidwal (Personal) na Karapatan

Ang mga sumusunod ay ang **inyong mga karapatan** kaugnay ng inyong PHI. **Kung gusto ninyong gamitin ang alinman sa mga sumusunod na karapatan, makipag-ugnayan sa amin. Nasa dulo ng Abisong ito ang aming impormasyon sa pakikipag-ugnayan.**

- **Karapatang Humiling ng Mga Paghihigpit** — May karapatan kayong humiling ng *mga paghihigpit* (mga limitasyon) sa paggamit at pagbabahagi ng inyong PHI para sa:
 - Paggamot, pagbabayad, o mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan
 - Mga taong may kinalaman sa inyong pangangalaga o pagbabayad sa inyong pangangalaga, gaya ng mga kapamilya o malalapit na kaibigan.

Dapat isaad ng inyong kahilingan ang mga paghihigpit na hinihiling ninyo at isaad kung kanino nalalapat ang mga limitasyong ito. Hindi kami inaatasang sumang-ayon sa kahilingang ito. Kung sang-ayon kami, susunod kami sa inyong kahilingan ng mga limitasyon maliban kung kailangan ang impormasyon para mabigyan kayo ng emergency na paggamot. Gayunpaman, paghihigpitan namin ang paggamit o pagbabahagi ng PHI para sa pagbabayad o mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan sa isang planong pangkalusugan kapag nagbayad kayo nang buo para sa serbisyo o item mula sa sariling bulsa.

- **Karapatang Humiling ng Mga Kumpidensyal (Pribado) na Komunikasyon** — May karapatan kayong hilinging makipag-usap kami sa inyo tungkol sa inyong PHI sa naiibang paraan o sa naiibang lugar. Nalalapat *lang* ang karapatang ito kung:
 - Ang *paraan* ng pakikipag-usap namin sa inyo tungkol sa inyong PHI ay puwedeng makapaglagay sa inyo sa *panganib*.
 - Ang *paraan* ng pakikipag-usap namin sa inyo tungkol sa inyong PHI *ay hindi nabago* noong hiniling ninyo sa amin na baguhin iyon.
 - Ang *lugar* kung saan tayo nag-uusap tungkol sa inyong PHI *ay hindi nabago* noong hiniling ninyo sa amin na baguhin iyon.

Hindi ninyo kailangang ipaliwanag ang dahilan ng inyong kahilingan. Pero dapat ninyong isaad na puwede kayong malagay sa panganib dahil sa impormasyon kung hindi mababago ayon sa inyong mga kagustuhan ang paraan ng pakikipag-usap sa inyo o ang lugar. Dapat naming tanggapin ang inyong kahilingan 1) kung makatuwiran ito at 2) kung nililina nito ang ibang paraan/lugar kung saan dapat ibigay ang inyong PHI at bakit.

- **Karapatang I-access (Tingnan) ang at Makatanggap ng Kopya ng inyong PHI** — May karapatan kayo, nang may mga limitadong eksepsiyon, na tingnan ang o kumuha ng mga kopya ng mga naka-set ninyong record ng PHI. Puwede ninyong hilinging magbigay kami ng mga kopya sa format bukod pa sa mga photocopy. Gagamitin namin ang format na hiniling ninyo — *maliban* kung hindi namin ito madaling magagawa.
 - **Dapat ninyong hilingin sa pamamagitan ng pagsulat ang pagkakaroon ng access sa inyong PHI.** Kung tatanggihan namin ang inyong kahilingan, bibigyan namin kayo ng nakasulat na paliwanag na naglalaman ng mga dahilan kung bakit at puwede itong ipasuri. Ipapaalam din namin sa inyo kung paano hihiling ng naturang pagsusuri o kung hindi na masusuri ang pagtanggap.
- **Karapatang Amyendahan (Baguhin) ang Inyong PHI** — May karapatan kayong humiling na baguhin namin ang inyong PHI kung naniniwala kayong naglalaman ito ng maling impormasyon. Nakasulat *dapat* ang inyong kahilingan, at dapat nitong ipaliwanag kung bakit kailangang baguhin ang impormasyon. Puwede naming tanggihan ang inyong kahilingan para sa mga partikular na dahilan. Halimbawa, kung hindi kami ang gumawa ng content na gusto ninyong baguhin at ang pagbabago ay puwedeng isagawa ng gumawa ng PHI. Kung tatanggihan namin ang inyong kahilingan, ipapaliwanag namin kung bakit sa pamamagitan ng pagsulat. Puwede kayong sumagot sa pamamagitan ng pahayag na tumututol kayo sa aming napag-alaman. Sa ganitong sitwasyon, ia-attach namin ang inyong pahayag sa PHI na hiniling ninyo sa amin na baguhin.

Kung tatanggapin namin ang kahilingan ninyo na baguhin ang content, gagawa kami ng mga makatuwirang hakbang para ipaalam sa iba ang tungkol sa anumang pagbabago. Kasama rito ang mga taong itinalaga ninyo. Kasama rin dito ang mga pagbabago sa anumang pagbabahagi ng naturang content sa hinaharap.

- **Karapatang Makakuha ng Listahan ng Kung Paano (at Kung Kanino) Ibinahagi ang PHI** — May karapatan kayong makakuha ng listahan ng mga pagkakataon sa loob ng nakalipas na anim na taong yugto kung kailan ibinahagi namin o ng aming mga associate sa negosyo ang inyong PHI. Hindi ito nalalapat sa pagbabahagi para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan, o pagbabahagi ng PHI na pinahintulutan ninyo at iba pang partikular na aktibidad. Kung hihilingin ninyo ang listahang ito nang higit sa isang beses sa loob ng 12 buwan, puwede namin kayong singilin ng makatuwirang bayaring nakabatay sa gastos para sa pagtugon sa mga karagdagang kahilingang ito. Magbibigay kami sa inyo ng higit pang impormasyon tungkol sa aming mga bayarin kapag humiling na kayo.
- **Karapatang Maghain ng Reklamo** — Kung pakiramdam ninyo ay nilabag ang inyong mga karapatan sa privacy o nilabag namin ang aming sariling mga kasanayan sa privacy, puwede kayong maghain ng reklamo sa amin nang pasulat o sa pamamagitan ng telepono. **(Gamit lang ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nasa dulo ng Abisong ito.)**

Puwede rin kayong maghain ng reklamo sa Secretary of the U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights. Ipadala ang inyong sulat sa:

Secretary of the U.S. Dept. of Health and Human Services Office for Civil Rights
200 Independence Avenue, S.W.
Washington, D.C. 20201

Telepono: **1-800-368-1019** (TTY: **1-800-537-7697**)
Website: **hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/**

**** TANDAAN: Hindi kami gagawa ng anumang pagkilos laban sa inyo dahil sa paghahain ng reklamo. ****

- **Karapatang Makakuha ng Kopya ng Abisong ito** — Puwede kayong humingi ng kopya ng aming Abiso anumang oras. Gamitin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nakalista sa dulo ng Abiso. Kung nakikita ninyo ang Abisong ito sa aming website o kung natanggap ninyo ito sa pamamagitan ng electronic mail (email), may karapatan din kayong humingi ng papel na kopya ng Abiso.

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

May mga tanong? Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa Abisong ito, sa aming mga kasanayan sa privacy na nauugnay sa inyong PHI, o sa inyong mga karapatan, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng sulat o telepono:

‘Ohana Health Plan
Attn: Privacy Official
820 Mililani Street, Suite 200
Honolulu, HI 96813

QUEST (Medicaid na Plano):

Tawagan kami nang toll-free sa **1-888-846-4262** (TTY: **711**). Narito kami Lunes hanggang Biyernes mula 7:45 a.m. hanggang 4:30 p.m. Hawaii Standard Time.

Community Care Services (CCS na Plano):

Tawagan kami nang toll-free sa **1-866-401-7540** (TTY: **711**). Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo.